LUNGSOD NG BELLFLOWER
MARSO 3, 2009, PANGKALAHATANG HALALANG PAMBAYAN

Batay sa mga batas na umiral nang 2008, ang mga impormasyong ito ay inihanda bilang serbisyo publiko at inilaan upang gawing batayan at gabay lamang. Para sa higit pang kaalaman, tawagan ang Opisina ng Kleriko ng Lungsod sa (562) 804-1424 o bumisita sa Gusaling Panglungsod sa 16600 Civic Center Drive, Bellflower.

MGA KADALASANG KATANUNGAN:

IMPORMASYON SA PAGREREHISTRO

T ***Kailan ang huling araw sa pagrehistro para sa Marso 3, 2009, Pangkalahatang Munisipal na Eleksiyon?***

Pebrero 16, 2009

T ***Ano ang mga kailangan upang magrehistro sa pagboto?***

Maaari kang magparehistro kung ikaw ay mamamayan ng Estados Unidos, mag kakaedad ng 18 pataas sa panahon ng darating na halalan, at ikaw ay hindi nakabilanggo o nakapansamantalang laya dahil sa napatunayang nagkasala ng krimen. (Konstitusyon ng California, Artikulo II, Seksiyon 2; Kodigo ng Eleksiyon Seksiyon 321, 2101)

T ***Paano ako magrerehistro sa pagboto?***

Sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang bayad na selyo, rehistro-sa-koreo na pormularyo (Apidabit ng Rehistro). Para sa inyong kaginhawaan, ang mga pormularyo ng rehistro ng botante ay makukuha sa Gusaling Panglungsod at halos lahat ng mga opisina ng pamahalaan (Department of Motor Vehicles, Post Office, and the Los Angeles County Registrar-Recorder's Office).

T ***Saan naroon ang Opisina ng Los Angeles County Registrar-Recorder?***

12400 Imperial Highway, Norwalk, California, 90651-1024, telepono (800) 815-2666

T ***Hanggang kailan ang bisa ng aking rehistro?***

Ang rehistro ng isang botante ay permanente maliban kung hilingin niya na kanselahin ito, kung siya ay wala sa wastong pag-iisip, nakakulong o pansamantalang nakalaya dahil sa napatunayang nagkasala ng krimen, namatay, lumipat ng presinto o lumabas ng bansa, gustong magpalit ng partidong kinasasapian, kung hindi kilala sa inirehistrong tirahan, o may isinauling postcard ng kompirmasyon ng tirahan o iba pang notipikasyon ng Serbisyo ng Koreo na hindi maaaring mapahatid. Ang botante ay kailangang Magparehistro muli kung nakansela ang kanyant rehistro bilang botante dahil sa anumang mga dahilang nabanggit. (Kodigo ng Eleksiyon 2201, 2220).

T ***Kailan ako nararapat, pero hindi sapilitang, magrehistro muli?***

Kung ang botante ay magpalit ng apelyido (dahil sa kasal, atbp.) (Kodigo ng Eleksiyon 2115)

T ***Kailangan ko bang magrehistro muli kung ako ay lumipat ng tirahan o nagpalit ng partido sa politika?***

Isinasaad sa batas ng California na ang isang botante ay kailangang magrehistro muli kung siya ay lumipat sa ibang presinto o gustong magpalit ng kasapian ng partido sa politika. (Kodigo ng Eleksiyon 2116, 2152, 2204)

T ***Ang aking ina ay may kapansanan, maaari ba akong pumirma ng apidabit ng rehistro para sa kanya?***

Kung hindi makasulat, siya ay maaaring maglagay ng marka o krus bilang pirma. Ikaw, pagkatapos, ay maaaring pumirma at maglagay ng petsa sa apidabit sa ilalim ng kanyang lagda o marka. (Kodigo ng Eleksiyon 2150)

T ***Maaari ba akong magrehistro sa aking lugar ng negosyo o maaari ko bang gamitin ang aking numero ng Post Office Box?***

Maaari lamang magrehistro upang makaboto sa kanyang lugar ng tirahan. Ang lugar ng negosyo o numero ng P.O. Box ay maaari lamang gamitin bilang direksiyon ng liham. (Kodigo ng Eleksiyon 349, 2020-2035, 2150)

T ***Ang aking asawa ay nasa malayo, maaari ba ako magrehistro para sa kanya?***

Hindi. Ang pirma ng nakarehistro ang nagpapatunay na totoo at wasto ang apidabit, nasa ilalim ng parusa sa salang pagsisinungaling sa batas. (Kodigo ng Eleksiyon 2102, 2150)